DAGDAG NA SINGIL SA ELEKTRONIKONG PAG-UULAT SA PINAG-ISANG PROGRAMA

Ano ang elektronikong pag-uulat?

Noong 2008 ang isang bagong batas ay nagkabisa na mag-aatas sa lahat ng mga kinokontrol na negosyo at lahat ng mga kinokontrol na lokal na ahensiya ng pamahalaan, tinatawag na Mga Ahensiya ng Pinag-isang Programa (Unified Program Agencies [UPA]), na gamitin ang Internet upang magharap ng kinakailangang impormasyon sa Pinag-isang Programa na inihaharap ngayon sa pamamagitan ng mga papel na pormularyo. Kabilang dito ang mga datos ng pasilidad na may kinalaman sa mga aktibidad sa pagkontrol ng mapanganib na materyal, mga imbentaryo ng kemikal, mga tangke ng pag-iimbak sa ibabaw at ilalim ng lupa, at paglikha ng mapanganib na basura. Kabilang din dito ang mga datos ng UPA tulad ng mga inspeksiyon at mga aksiyon na pagpapatupad.

Kailan dapat magharap ang mga negosyo sa eletronikong paraan?

Lahat ng mga kinokontrol na negosyo at UPA sa Estado ng California ay dapat gumamit ng Internet upang magharap bago lumampas ang Enero 1, 2013. Ang mga pinakamaagang maghaharap ng elektronikong impormasyon ay magsisimulang gumamit ng pambuong-estadong sistema, tinatawag na Sistema ng Pag-uulat na Pangkapaligiran ng California (California Environmental Reporting System [CERS]) sa Setyembre ng 2009. Batay sa kung kailan matatanggap ng inyong UPA ang mga datos mula sa sistema ng estado, ipapasiya nila kung kailan ang elektronikong pag-uulat ay sapilitan sa lokal na lugar at ang paghaharap ng papel ay hindi naopsiyon. Kapag ang CERS ay magagamit na, ang mga negosyo ay maaaring boluntaryong gumamit nito upang ipasok at itabi ang kanilang impormasyon sa paghaharap, pero maaaring kailangan pa ring maglimbag ng mga papel na pormularyo mula sa CERS upang iharap na kasama ang kanilang mga UPA. Kung hindi pa kayo natatawagan ng inyong lokal na UPA tungkol sa impormasyon na nauukol sa paggamit ng CERS, labis na inirerekomenda na tawagan ng mga negosyo ang kanilang lokal na UPA para sa karagdagang impormasyon.

Ano ang dagdag na singil sa elektronikong pag-uulat at magkano ito?

Lahat ng mga kinokontrol na negosyo ay nagbabayad ngayon ng pinakamababang dagdag na singil ng kabayaran sa estado na $24 sa kanilang UPA. Upang mabayaran ang mga gastos sa pagpapatupad ng pambuong-estadong elektronikong pag-uulat, pansamantalang tinataasan ng lehislatura ang pinakamababang dagdag na singil ng $25 kada taon para sa tatlong taon. Ang karagdagang pera ay gagamitin para sa pagpapaunlad ng sistema, pag-abot at pagsasanay, at teknikal na suporta para sa mga UPA upang matanggap ang impormasyon sa eletronikong paraan. Ito ay nangangahulugang ang halaga ng inyong pinakamababang dagdag na singil ng estado ay tataas mula sa $24 kada taon sa $49 kada taon. Idaragdag ng inyong Sinertipikahang Mga Ahensiya ng Pinag-Isang Programa (Certified Unified Program Agencies [CUPA]) itong dagdag na singil sa elektronikong pag-uulat sa inyong susunod na tatlong taunang kuwenta ng pagsingil. Kayo ay magpapatuloy na magbayad ng dagdag na singil ng estado sa inyong UPA, bilang karagdagan sa inyong lokal na mga kabayaran sa UPA.

Paano makatutulong sa mga negosyo ang elektronikong pag-uulat?

Ang pambuong-estadong elektronikong pag-uulat sa pamamagitan ng Internet ay magpapahintulot sa mga sumusunod:

- Magagawa ng mga kinokontrol na negosyo na madaling panatilihin at isapanahon ang kanilang impormasyon na may kaugnayan sa regulasyon.
- Magagawa ng mga tagakonsultang pangkapaligiran na magharap sa elektronikong paraan para sa mga negosyo.
- Magagawa ng mga pang-maramihang hurisdiksiyon na negosyo upang magharap sa isang lugar sa pamamagitan ng CERS.
- Makatitipid ng oras ang mga negosyo sa pamamagitan ng hindi pag-proseso at muling pagpapasok ng mga datos na nasa loob na ng CERS.
- Makatitipid ng espasyo ang mga negosyo sa pag-iimbak ng papel dahil ito ay madaling makuhang elektronikong kalipunan ng mga papeles.
- Makukuha ng mga ahensiya para sa pagtugon ang impormasyon kahit kailan, iniiiwas ang mga negosyo sa mga iniaatas na duplikadong paghaharap.

Paano nagsisimula ang isang negosyo?

Una, kausapin ang inyong lokal na UPA. Sila ay magkakaroon ng mas maraming impormasyon tungkol sa lokal na panahon at mga iniaatas. Ang mga UPA ay magbibigay din ng impormasyon sa pamamagitan ng kanilang mga lokal na programang pag-abot sa negosyo habang ang elektronikong pag-uulat ay ipinatutupad sa buong estado. Ang mga detalyadong pahina para sa tulong, mga dalubhasa at isang online na pagtuturo ay ginagawa rin upang ipasok sa CERS sa unang bahagi ng 2010. Panghuli, ang impormasyon sa mga iniaatas na elektronikong pag-uulat ay binubuo ng Ahensiyang Nangangalaga sa Kapaligiran ng California (California Environmental Protection Agency [CalEPA]) at ilalagay sa pahina sa web ng Elektronikong Pag-uulat sa www.calepa.ca.gov/CUPA. Dapat ninyong bisitahin ang web site ng inyong lokal na UPA at ito para sa karagdagang impormasyon.

Ang impormasyon sa polyetong ito ay makukuha sa mga sumusunod na wika sa website ng CalEPA: Espanyol, Arabiko, Hindi, Urdu, Farsi, Russian, Intsik, Korean, Tagalog, Thai, at Laotian.